



# NEWS RELEASE

[baaqmd.gov](http://baaqmd.gov)



**PARA SA AGARANG PAGLABAS:** Abril 16, 2024

**MAKIPAG-UGNAYAN** Sa [communications@baaqmd.gov](mailto:communications@baaqmd.gov)

## **Ang Lupon ng Pagdinig ng Distrito ng Hangin ay nag-utos sa pasilidad sa pagproseso ng buhangin ng Bayview Hunters Point na kumuha ng permiso**

***Dapat ding sumunod si Martin Marietta sa mga paghihigpit sa pagpapatakbo para maprotektahan ang kalidad ng hangin at kalusugan ng publiko***

**SAN FRANCISCO** - Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay nag-aanunsyo na ang hiwalay na Lupon ng Pagdinig nito ay nag-utos kay Martin Marietta na kumuha ng permiso para sa planta ng pamamahagi ng buhangin ng kumpanya na matatagpuan sa Pier 92 sa Bayview Hunters Point, San Francisco. Ang Lupon ng Pagdinig ay nagpataw din ng paghihigpit sa mga operasyon ng planta para bawasan ang mga emisyon at protektahan ang kalusugan ng publiko.

Hinihiling ng utos kay Martin Marietta na kumuha ng permiso para sa bagong pasilidad bago ang Oktubre 31, 2025, at sumunod sa mga paghihigpit sa pagpapatakbo na hinihiling ng Distrito ng Hangin hanggang sa mailagay ang permiso. Ang mga paghihigpit na ito ay idinisenyo para matiyak ang pagsunod sa mga pamantayan sa regulasyon habang inuuna ang proteksyon ng mga nakatira sa komunidad.

"Ang utos ng Lupon sa Pagdinig ng Distrito ng Hangin ay ang pinakamabilis na paraan para masunod ng pasilidad ng pagpoproseso ng buhangin ni Martin Marietta at mapangalagaan ang kalusugan ng mga nakatira sa Bayview Hunters Point, isang komunidad na labis nang napuno ng polusyon sa hangin," sabi ni Dr. Philip Fine, tagapagpaganap na opisyal ng ang Distrito ng Hangin. "Kami ay nakatuon sa pagtiyak ng pinakamahusay na posibleng resulta para sa mga residente sa nakapaligid na komunidad."

Ang planta ay dating pinatakbo sa ilalim ng exemption mula sa mga kinakailangan sa permiso ng Distrito ng Hangin. Nawala sa pasilidad ang exemption habang pagmamay-ari ng hinalinhan ni Martin Marietta na si Lehigh Hanson. Pagkatapos palitan si Lehigh Hanson, iminungkahi ni Martin Marietta na gawing moderno ang pasilidad na may pinahusay na mga pagkontrol sa kapaligiran sa ilalim ng isang bagong application para sa permiso para matugunan ang mga alalahanin na ipinaalam ng Distrito ng Hangin at ng komunidad. Ang Distrito ng Hangin ay humingi ng utos mula sa Lupon ng Pagdinig para utusan na sumunod si Martin Marietta sa mga paghihigpit sa pagpapatakbo at kumpletuhin ang proseso ng permiso sa isang napapanahong paraan o itigil ang mga operasyon.

Kakailanganin din si Martin Marietta na kumuha ng pag-apruba mula sa Port of San Francisco para itayo ang bagong pasilidad, na nagmamay-ari ng Pier 92 site. Ang Lungsod at County ng San Francisco ay magsasagawa ng komprehensibong pagsusuri sa kapaligiran ng proyekto sa ilalim ng Batas sa Kalidad ng Kapaligiran ng California.

Ang Distrito ng Hangin ay patuloy na susubaybayan nang mabuti ang pasilidad at mananatiling aktibong nakikipag-ugnayan sa mga apektado para matiyak ang matagumpay na pagpapatupad sa utos ng Lupon sa Pagdinig.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensiyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam-na-county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [X/Twitter](#), [Facebook](#), [Instagram](#) at [YouTube](#).

# # #